

Alameda Alliance Wellness

Mga Karagdagang Benepisyo 2026



Tuklasin ang Lahat ng Paraan ng Pagtulong sa Iyo ng Aming Plano



Higit pa sa Original Medicare at Medi-Cal ang ibibigay sa iyo ng Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP). Ang aming plano ay may mga karagdagang benepisyo para matulungan kang manatiling malusog, magtipid, at para mapaginhawa ang iyong buhay.



\$50 na Buwanang Allowance para sa Mga Over-the-Counter na Item

Ipapadala sa iyo ang iyong Benefits Mastercard® Prepaid Card sa pamamagitan ng koreo. Puwede mong gamitin ang card para bumili ng mga item sa kalusugan gaya ng mga bitamina, pang-ibsan ng pananakit, benda, at higit pa sa mga kalahok na retail na lokasyon gaya ng CVS®, Walgreens®, Walmart®, at higit pa. Bumisita sa www.alliancewellness.nationsbenefits.com para magparehistro at matuto pa.



Saklaw sa Ngipin

Panatilihing maganda ang iyong ngiti sa pamamagitan ng saklaw para sa mga pagpapalinis, eksaminasyon, X-ray, pasta, at higit pa.

Nakikipagtulungan ang aming plano sa Liberty Dental para maibigay ang ilan sa iyong mga benepisyo sa ngipin. May ilang serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng Medi-Cal Fee-for-Service (FFS) na programa sa ngipin. Para matuto pa, bisitahin ang website ng Smile California sa www.smilecalifornia.org.

Bago kumuha ng pangangalaga sa ngipin, inirerekomenda naming magtanong sa iyong dentistang nasa network para malaman kung ano ang sinasaklaw bago ka kumuha ng mga serbisyo sa ngipin.



Pangangalaga sa Paningin

\$0 na regular na taunang eksaminasyon sa ngipin at \$150 na allowance sa prescription eyewear bawat dalawang (2) taon.

Maghanap ng provider na kalahok sa VSP Advantage network sa pamamagitan ng pagbisita sa www.vsp.com/advantageonly



Saklaw sa pandinig

\$0 na Eksaminasyon sa pandinig at allowance sa hearing aid. Ang allowance sa hearing aid ay hanggang \$775 para sa bawat tainga, na hanggang dalawang (2) hearing aid bawat taon.



Transportasyon

\$0 Unlimited na biyahe para sa mga serbisyong sinasaklaw ng iyong plano at ng Medicare. Puwedeng kasama rito ang ambulansya, litter van, wheelchair van, mga medikal na serbisyo sa transportasyon, at koordinasyon sa para transit. Iniaalok ang mga serbisyo sa transportasyon sa pamamagitan ng Modivcare, ang aming provider ng transportasyon.



Telehealth

Makipag-usap sa mga lisensyadong doktor at nurse mula sa tahanan mo nang walang bayad. Nagbibigay ang Teladoc ng mga konsultasyon sa doktor sa pamamagitan ng telepono o video mula sa kaginhawaan ng tahanan mo nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.



Internasyonal na Pang-emergency na Saklaw

\$25,000 na taunang benepisyo para sa mga internasyonal na serbisyo sa pangangalagang pang-emergency (sa labas ng Estados Unidos).

Para matuto pa, makipag-ugnayan sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alameda Alliance Wellness

Pitong (7) araw sa isang linggo, 8 am – 8 pm

Toll-Free: **1.888.88A.DSNP (1.888.882.3767)**

Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, gumamit ng TTY o tumawag sa

711/1.800.735.2929

www.alamedaalliance.org/alliancewellness

Ang Alameda Alliance Wellness ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at kontrata sa (Medi-Cal) Medicaid Program ng Estado ng California. Ang pagpapatala sa Alameda Alliance Wellness ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.

